# Putong na Bulaklak sa Halip na mga Abo: Ang Nagpapagaling na Landas ng Pagpapatawad



Sa paglipas ng mga taon at sa pagsisikap na makahanap ng kapayapaan at paggaling sa landas ng pagpapatawad, natanto ko na ang Anak ng Diyos na nagbayad-sala para sa aking mga kasalanan ay ang siya ring Manunubos na magliligtas sa mga taong labis na nakasakit sa akin. Kung talagang naniniwala ako na nagbayad-sala ang Tagapagligtas para sa akin, kailangan ko ring maniwala na nagbayad-sala Siya para sa mga taong nakasakit sa akin.

Habang nag-iibayo ang pagmamamahal ko sa Tagapagligtas, gayon din ang hangarin ko na mapagaling ng Kanyang balsamo ang sakit at poot na nadarama ko. Mahabang proseso iyon, at nangailangan ng tapang, katapatan, pagtitiyaga, at pagkatutong magtiwala sa banal na kapangyarihan ng Tagapagligtas na magligtas at magpagaling. May mga kailangan pa akong gawin, ngunit wala na ang poot at paghihiganti sa puso ko. Pinagkalooban ako ng "bagong puso" [Ezekiel 36:26]—pusong nakadarama ng matindi at walang hanggang pagmamahal ng Tagapagligtas, na laging nariyan, na mahinahon at matiyagang umakay sa akin patungo sa mas mainam na lugar, na nanangis kasama ko, at alam ang kalungkutang nadarama ko. . . .

Sinabi ni Elder Richard G. Scott: "Hindi ninyo mababago ang nangyari, ngunit maaari kayong magpatawad. Ang pagpapatawad ay nagpapahilom ng napakasakit at malalalim na sugat, dahil nagbibigay-daan ito upang mapawi ng pagmamahal ng Diyos ang nakalalasong galit sa inyong puso at isipan. Inaalis nito sa inyong isipan ang hangaring maghiganti. Nagbibigay-puwang ito sa nagdadalisay, nagpapagaling, at nagpapanumbalik na pagmamahal ng Panginoon" ["Healing the Tragic Scars of Abuse," *Ensign*, Mayo 1992, 33].

Ang aking ama ay nagkaroon din ng mahimalang pagbabago ng puso nitong mga nakaraang taon at bumaling sa Panginoon—isang bagay na hindi ko inasahan sa buhay na ito. Ito ay isa pang patotoo sa akin tungkol sa nagpapagaling at nagpapabagong kapangyarihan ni Jesucristo.

Alam ko na mapapagaling Niya ang mga nagkasala at ang mga nagawan ng pagkakasala. Siya ang Tagapagligtas at ang Manunubos ng sanlibutan, na inialay ang Kanyang buhay upang tayo ay mabuhay na muli. Sinabi Niya, "Ang Espiritu ng Panginoon ay nasa akin, sapagkat ako'y hinirang niya upang ipangaral ang magandang balita sa mga dukha; ako'y sinugo niya upang *[pagalingin ang mga namimighati]*, upang ipahayag ang paglaya sa mga bihag, at ang muling pagkakaroon ng paningin sa mga bulag, upang *palayain ang mga naaapi*" [Lucas 4:18; idinagdag ang pagbibigay-diin].

Sa lahat ng namimighati, bihag, naapi, at marahil nabulag ng pasakit o kasalanan, Siya ay nagbibigay ng pagpapagaling, at kaligtasan. Pinatototohanan ko na ang paggaling na ibinibigay Niya ay totoo. Ang panahon ng paggaling ay magkakaiba sa mga indibiduwal, at hindi natin maaaring husgahan ang panahon ng paggaling ng iba. Mahalagang bigyan ng pagkakataon ang ating sarili na maghilom at maging mabait sa ating sarili. Ang Tagapagligtas ay laging maawain at mapagmalasakit at handang magbigay ng tulong na kailangan natin.

Sa landas ng pagpapatawad at pagpapagaling, naroon ang pagpapasiyang iwaksi ang di-mabubuting huwaran o ugnayan sa ating pamilya o saanman. Sa lahat ng ginagawa natin, maaari tayong tumugon ng kabutihan sa kalupitan, pagmamahal sa pagkamuhi, kahinahunan sa kabagsikan, kaligtasan sa kapighatian, at kapayapaan sa pagtatalo.

Ang ibigay ang ipinagkait sa inyo ay mabuting bahagi ng banal na paggaling na posible sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo. Ang mamuhay sa paraang ibinibigay ninyo, tulad ng sinabi ni Isaias, ang putong na bulaklak sa halip na mga abo ng inyong buhay [tingnan sa Isaias 61:3] ay pagpapakita ng pananampalataya na tinutularan ninyo ang pinakadakilang halimbawa ng isang Tagapagligtas na nagdusa sa lahat upang Kanyang matulungan ang lahat. . . .

Pinatototohanan ko na ang pinakadakilang halimbawa ng pagmamahal at pagpapatawad ay yaong ipinakita ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na sa matinding pagdurusa ay nagsabing, "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" [Lucas 23:34]. (Kristin M. Yee, "Putong na Bulaklak sa Halip na mga Abo: Ang Nagpapagaling na Landas ng Pagpapatawad," *Liahona*, Nob. 2022, 37–38)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_262-1